**Ehekutibong Buod (Executive Summary)**

Noong 2019 na legislative session, ipinasa ng lehislatura, at nilagdaan ng Gobernador ang Senate Bill 577. Ang Seksyon 9 ng panukalang batas na ito ay nag-aatas sa Oregon Criminal Justice Commission (CJC) na suriin ang lahat ng datos na may kaugnayan sa mga bias na krimen at mga bias na hindi criminal na insidente at iulat ang mga resulta taun-taon sa Hulyo 1. Ito ang ikalimang taunang ulat at sumasaklaw sa datos sa mga bias na krimen at mga bias na hindi criminal na insidente na naganap sa Oregon sa mga taon ng kalendaryo 2020 hanggang 2023. Ang kahit sinumang interesadong tumingin sa kabuuan ng ulat ay maaaring humiling ng kopya mula sa CJC sa 503-378-4830 o sa pamamagitan ng pag-access sa link na ito:
https://www.oregon.gov/cjc/CJC%20Document%20Library/SB577ReportJuly2024.pdf Ang mga pangkalahatang katanungan tungkol sa ulat na ito ay dapat idirekta sa CJC sa 503-378-4830. Ang mga partikular na tanong tungkol sa mga nilalaman ng ulat na ito ay maaaring idirekta kay Ken Sanchagrin, ang Direktor ng CJC, sa 971-719-6000 o sa ken.sanchagrin@cjc.oregon.gov

Ang buong ulat ay nagpapakita ng buod ng datos at empirikal na pagsusuri ng mga bias na krimen at mga bias na hindi kriminal na insidente (non-criminal bias insidents) mula sa ilang mapagkukunan ng datos (data source) kabilang ang Bias Response Hotline (tinukoy bilang *BRH* o *Hotline* sa ulat na ito) na itinatag ng Oregon Department of Justice (DOJ) na nakatuon sa pagtulong sa mga biktima, saksi, at iba pang mga reporter ng mga bias na krimen at mga bias na hindi kriminal na mga insidente. Sa karagdagan, ang ulat ay nagpapakita ng datos na may kinalaman sa mga bias na kriminal na paglabag na kinuha mula sa Oregon's National Incident Based Reporting System (NIBRS) na nasa loob ng Oregon State Police (OSP), datos sa pag-uusig ng mga bias na krimen mula sa 34 na tanggapan ng mga district attorney datos ng pag-aresto na kinuha mula sa pambansang Law Enforcement Data System (LEDS), datos ng hukuman para sa mga bias na krimen na kinuha mula sa Odyssey data system ng Oregon, at datos ng hatol at sentensiya para sa mga bias na krimen mula sa Oregon's Department of Corrections (DOC). Mga resulta para sa Department of Justice (Hotline) Data tumutukoy sapaunangmga ulat ng bias na krimen at insidentena sama-samang tinukoy bilang *bias-motivated na mga ulat*.[12]

Mga Pangunahing Natuklasan

- Ang mga Hotline na ulat ay tumaas taun-taon sa panahon ng 4 na taon ng 2020 hanggang 2023, na may kabuuang pagtaas na 229% mula 1,101 noong 2020 hanggang 3,623 noong 2023 (tingnan ang Figure 1 at Talahanayan A1 sa Appendix A).
- Ang mga bias-motivated na mga ulat (ibig sabihin, mga bias na krimen at mga bias na insidente) ay tumaas taun-taon sa pagitan ng 2020 at 2023, na may kabuuang pagtaas na 222% sa panahong ito, mula 910 noong 2020 hanggang 2,932 noong 2023. Ang mga taunang pagtaas na ito ay hindi pantay na nakaapekto sa lahat ng pangkat ng lahi:
  - Ang mga bias-motivated na ulat sa mga biktimang Asyano (Asian victims) ay umabot sa 183 noong 2021.
  - Ang mga ulat sa mga Hispanic/Latino na biktima ay umabot sa pinakamataas noong 2022 sa 430.
  - Ang mga ulat sa mga biktima ng ibang pang lahi ay tumaas sa 420 noong 2023.
  - Gayunpaman, ang mga indibidwal na Itim/African American ay palaging nasa pinakamataas na panganib, na nasa higit sa 500 ulat taun-taon (tingnan ang Talahanayan 2 at Mga Talahanayan A8-A9 sa Appendix A para sa mga demograpiko ng biktima ).

[1]Ang Hotline na datos na tinalakay sa ulat na ito ay nakatutok sa naunangbias-motivated na mga ulat, ibig sabihin, mga bias na insidente at mga bias na krimen. *Mga Ulat na Naulit (Repeat Report), Bias/Hate Criteria na Hindi Natugunan, Mga Bias Laban sa mga Non-Protected Class, at mga Hindi Matukoy* na mga ulatay tinatalakay sa Talahanayan 1, Figure 1-3, at Mga Talahanayan A1-A7 sa Appendix A at binigyan kahulugan sa Pagtukoy ng Bias.

[2] Ang datos mula sa 2 county ay hindi natanggap: Columbia and Umatilla.

- Ang motibasyon o nag-udyokpara sa mga bias na krimen at mga bias na insidente ay naiiba ayon sa demograpiko ng biktima:
    - Ang mga babae at indibidwal na may hindi natukoy na kasarian ang pangunahing target dahil sa pagkiling o bias laban sa lahi, bansang pinagmulan, at relihiyon (pangunahin ang mga Hudyo) at bias laban sa kulay, habang ang mga lalaki ay target dahil sa bias laban sa lahi, bansang pinagmulan, at kulay.
    - Ang mga puting biktima at mga hindi alam ang lahi ang pangunahing target naman dahil sa oryentasyong sekswal o bias ng pagkakakilanlan ng kasarian.
    - Ang mga biktima ng BIPOC ay pangunahing target batay sa lahi: 95% Itim/African American, 76% Asyano, 63% Hispanic, at 59% AI/AN ang target dahil sa anti-race bias.
    - Pangunahing pinuntirya ang mga indibiduwal ng ibang lahi dahil sa bias laban sa relihiyon, katulad ng anti-Jewish (81%).
    - Lahat ng mga pangkat ng edad ay pangunahing target dahil sa bias laban sa lahi, maliban sa mga indibidwal na 60 o mas matanda, na pangunahing na-target para sa kapansanan at bias sa relihiyon (tingnan ang Talahanayan 3 para sa bias na motibasyon).
- Ang mga bias-motivated na mga ulat sa mga paaralan ay bumaba noong 2023 pagkatapos ng 2022 na may pinakamataas na 444. Gayunpaman, nananatiling nasa panganib ang mga nakababatang tao, dahil halos 300 ulat noong 2023 ang nangyari sa isang uri ng lugar ng insidente sa paaralan (tingnan ang Figure 9 at Mga Talahanayan A23 at A24 sa Appendix A). *Tandaan*, hindi alam ang aktwal na antas ng bias sa mga paaralan.
- Ang LEAs ay nagsumite ng higit sa 600 ulat ng mga bias na krimen at bias na insidente sa BRH noong 2020 hanggang 2023 (tingnan ang Talahanayan 4 at Talahanayan A22 sa Appendix A). *Tandaan*, ang BRH ay nakikipag-ugnayan lamang sa mga biktima kung hiniling.
- Malawak ang hindi tamang pag-uulat ng mga bias na krimen sa LE. Noong 2022 at 2023, ang datos ng BRH ay naglalaman ng higit sa dalawang beses ang bilang ng mga biktima na nakita sa NIBRS (tingnan ang Figure 10). Naiiba ang hindi tamang pag-uulat (underreporting) ayon sa demograpiko ng biktima: ang mga puting tao at lalaki ay may posibilidad na mag-ulat sa LE, habang ang mga indibidwal na BIPOC, babae at mga biktimang hindi sumusunod sa kasarian ay malamang na iulat ang kanilang mga karanasan sa BRH.
- Sa 155 na bias na kaso ng krimen sa 2023 na datos ng DA, 19% ang tinanggihan/walang file at 129 o 83% ang isinampa bilang bias (68%) o non-bias na kaso (15%).
    - Sa 129na naisampang mga kaso, 36% ang may hatol (conviction) sa kahit man lang isang bias o non-bias na kaso (ibig sabihin, umaming nagkasala, nahatulan ng hurado o bench trial, o plea deal), 58 % ay bukas, at lahat ng mga kaso ay na-dismiss para sa 6% ng mga kaso (para sa datos na partikular sa county, tingnan ang Talahanayan 16). Ang antas ng nahatulan (conviction rate) para sa mga kasong isinampa noong 2023 ay inaasahang tataas sa mga darating na buwan habang ang mga bukas na kaso ay binalewala.
- Ang mga kasong inusig/inihain na may bias na paghahabala ng kaso sa pagitan ng 2000 at 2022 ay mas malamang na magresulta sa paghatol sa hindi bababa sa isang kaso (72% sa pangkalahatan; 57%-91% taun-taon), kumpara sa isang pangkat ng paghahambing ng karaniwang kaparehong kasong hinabla o co-occuring charges (64% sa pangkalahatan; 53%-72% taun-taon tingnan ang Figure 16).[3]

[3]Kabilang ang mga sumusunod na kaso: Assault (Pag-atake) II-IV at mga pagtatangka, Any Criminal Mischief (I-III), Criminal Trespass II, Disorderly Conduct II, Harassment/Agg Harassment, Panghihimasok sa Peace Officer, Pagbabanta, Pagdala/Pagdiskarga ng Baril sa Lungsod (Carry/Discharge Firearm in City), Isang Nahatulan na may Dalang Baril (Felon in Possession of a Firearm), Panghihimasok sa Pampublikong Transport (Interfering with Public Transport), Panghihimasok sa Pampublikong Transportasyon (Interfering with Public Transportation), Walang-ingat na Paglalagay-Panganib sa Ibang Tao (Recklessly Endanger Another), Lumalaban sa Pag-aresto (Resisting Arrest), Pinaghihigpitang Armas/Dating nahatulan na may armas (Restricted Weapon/ex-convict Possession), Pagnanakaw III at Labag sa Batas ang Paggamit ng Armas (Robbery III and Weapon Use Unlawful).

- Ang pinagsamang datos ng LEDS, DA at Odyssey noong 2023 ay naglalaman ng 231 na nasasakdal (tingnan ang Talahanayan 22):
    - Sa mga ito, 138 na nasasakdal ang nagkaroon ng pag-aresto sa LEDS, 160 ang nasa datos ng DA (lahat ng mga kaso sa bawat nasasakdal ay binibilang sa pinagsamang file), at 129 ang may kasong bias na krimen sa Odysse.
- Nananatili ang mga gap o puwang sa datos (data gaps). Halos isang katlong (n = 71; 31%) ng mga nasasakdal sa pinagsamang datos ay wala sa datos ng DA: Ang 28 ay nakilala mula sa Odyssey at 43 mula sa LEDS - malamang na kumakatawan sa mga sinuspinde na pagsisiyasat sa LE na hindi isinangguni sa mga DA para sa pag-uusig (tingnan ang Talahanayan 22).

Mga Rekomendasyon ng CJC

1. Pagpapahintot sa kapasidad, dapat magsimula/magpatuloy ang mga LEA na isangguni ang lahat ng bias na krimen at mga biktima ng bias na insidente sa BRH, simulan/ipagpatuloy ang kasalukuyang kasanayan sa pagsusumite ng mga ulat sa BRH – at palawakin ang pamantayan sa pagsasama sa lahat ng iniulat na bias na krimen at insidente, ipahiwatig kung ang kaso ay isinangguni sa opisina ng DA ng county, at magbigay ng paliwanag kung ang kaso ay hindi. Ang mga isinangguni na mga kaso at ang katwiran ay dapat ding ipaalam sa mga biktima, hal., ang (mga) kaso na malamang na magresulta sa paghatol ay isinampa, habang ang bias na kaso na malamang na ma-dismiss ay tinanggihan/walang reklamo ng DA.
2. Dapat ipagpatuloy ng ODOJ ang media outreach nito at pagsasanay sa LE/DA. Ang naobserbahang pagtaas ng mga bias na krimen na iniulat sa BRH at sistema ng katarungan (justice system) ay malamang dahil sa isang kumbinasyon ng pagtaas ng bias-motivated na pag-uugali, pampublikong kamalayan sa mga mapagkukunang magagamit nila, at LE at DA na pagsasanay upang tukuyin at usigin ang mga bias na krimen. Ang pagsasama ng mga peer-LE at DA na pagsasanay ay dapat isaalang-alang.
3. May mga patakaran ang ODOJ para matiyak ang kaligtasan at kalusugan ng isip ng mga tagapagtaguyod ng Hotline. Ang mga patakarang ito ay dapat na maisip bilang mga patakaran na maaari, at dapat, amyendahan batay sa nagbabagong mga pangyayari. Dahil sa pagtaas ng katayuan ng ulat ng gumawa ng krimen (perpetrator reporter status), ibig sabihin, bias na ginawa sa Hotline, dapat isaalang-alang ng ODOJ na baguhin ang kanilang mga patakaran upang pangalagaan ang mga tauhan kung kinakailangan – pagkatapos ng naaangkop na mga konsultasyon sa mga kawani at pagrepaso ng mga patakaran ng mga ahensya ng estado at pederal para sa mga manggagawa sa kaso at mga imbestigador na regular na nakikitungo sa mga krimen na kilala na nagpapalitaw ng matinding damdamin (hal., mga bias na krimen, mga krimen sa sex, karahasan sa tahanan, at pang-aabuso sa bata).